

## **Buod ng Simpleng Wika ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa**

Nakatuon ang Copley Memorial Hospital sa pangangalaga para sa buong komunidad. Upang mapaglingkuran yaong maaaring walang insurance sa kalusugan o ibang paraan upang mabayaran ang kanilang pangangalaga, nag-aalok ang Copley ng komprehensibong programa ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Ipinapakita ang aming pangako ng makabagong medisina at pambihirang pangangalaga, nagbibigay ang programang ito ng mapagbigay na tulong para sa mga nakatutugon sa ilang pangangailangan ng pagiging karapat-dapat. Upang maisaalang-alang, kailangan mong tapusin ang isang aplikasyon at magbigay ng suportang dokumento na nakalista sa aplikasyon.

Para sa mga indibidwal na ang kita ng pamilya ay nasa o mababa sa 600% ng antas ng kahirapan ng pederal, magbibigay ang Copley Memorial Hospital ng mga singil na may diskwento para sa mga emergency na kondisyong medikal o mga serbisyong medikal na kinakailangan sa mga nakatapos ng aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa at sa sandaling maaprubahan ang mga ito, ay hindi sisingilin nang higit sa mga halagang karaniwang sinisingil.

Hindi lahat ng serbisyo ay sakop ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa, tulad ng anumang serbisyo na wala-sa-network. At, maaaring hindi sumali ang iyong doktor o ibang tagapagbigay ng serbisyo na hindi-pang-ospital sa programang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa ng Copley Memorial Hospital. Mananatiling responsable ang mga pasyenteng tumatanggap ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa para sa anumang co-payment, co-insurance, at deductible.

Dapat munang maubos lahat ng mapagkukunan ng pagbabayad bago maaaring isaalang-alang ang Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa. Kabilang sa ibang mapagkukunan ng pambayad ang: lahat ng medikal na insurance, mga tagapagbayad na ikatlong partido at mga claim ng pananagutan, kabayaran ng manggagawa o ibang pampublikong programa. May available na kinatawan ng pasyente upang sagutin ang mga tanong o magbigay ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon sa Tulong na Pinansyal/ Pangangalaga sa Kawanggawa.

### **May Mga Tanong o Handa nang Mag-apply?**

Available ang mga kopya ng patakaran, aplikasyon at buod ng simpleng wika ng Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa upang mai-download sa ibaba sa pamamagitan ng pag-click sa mga link o pagpunta sa sumusunod na web address: <https://www.rushcopley.com/about/billing-finance/>. Makukuha rin ang impormasyon sa Tulong na Pinansyal/Pangangalaga sa Kawanggawa sa aming mga lugar ng Pagrerehistro o Pagtanggap ng Pasyente, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isa sa aming mga Tagapayong Pinansyal o miyembro ng kawani ng opisina ng negosyo sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba. Magagamit ang mga serbisyong pagsasalang-wika kapag hiniling.

*Copley Memorial Hospital  
Patient Financial Services Department  
2000 Ogden Avenue  
Aurora, IL 60504*

*Pakitawagan ang 630-978-4990 sa pagitan ng mga oras na 8:00 am hanggang 4:30 pm, Lunes hanggang Biyernes.*